## Tungkol Saan ang Modyul na Ito?

Lahat tayo ay nakaranas na ng pagsasalungatan paminsan-minsan. Maaaring madali natin itong makilala. Ngunit maraming uri ng pagsasalungatan. Kung minsan, hindi natin namamalayan na mayroon na palang pagsasalungatan. Ang mahalaga ay maiwasan natin ang pagsasalungatan kahit na iyon ay maaaring mangyari sa anumang oras. Kung hindi mo maiiwasan ang pagsasalungatan, samakatuwid ay kailangang malaman mo kung paano ito dadalhin.

Ang modyul na ito ay magtuturo sa iyo ng positibong paraan nang pagdadala sa pagsasalungatan. Ito ay magsasabi sa iyo kung ano ang pagsasalungatan at tutulungan ka sa pagkilala sa uri ng pagsasalungatan na iyong nararanasan. Ito rin ay papatnubay sa iyo sa pagresolba ng pagsasalungatan kung saan ikaw ay kabilang.

Ang modyul na ito ay binubuo ng dalawang aralin:

Aralin 1 — *Pag-unawa sa Pagsasalungatan*

Aralin 2 — *Pagresolba ng Pagsasalungatan*

## Anu-ano ang mga Matututuhan Mo sa Modyul na Ito?

Matapos pag-aralan ang modyul na ito, dapat ay may kakayahan ka nang:

- makapagbigay ng kahulugan ng pagsasalungatan;
- makakilala ng ilang mga benepisyo mula sa pagsasalungatan;
- mailarawan ang iba't ibang uri ng pagsasalungatan;
- makapaghambing ng reaksiyon ng iba't ibang tao sa mga pagsasalungan; at
- makakilala ng mga hakbang sa pagresolba ng mga pagsasalungatan.



## Anu-ano na ang mga Alam Mo?

Bago mo simulan ang pag-aaral ng modyul na ito, gawin muna ang simpleng pagsusulit na ito upang malaman kung gaano na karami ang iyong kaalaman sa mga paksa na pag-uusapan.

Isulat ang **T** kung ang pangungusap ay tama at **M** kung ito ay mali. Pagkatapos ay ipaliwanag kung bakit ang pangungusap ay mali.

_______ 1. Ang pagsasalungatan ay nakapagbibigay ng ilang benepisyo.

______________________________________________

______________________________________________

_______ 2. Posibleng makaranas ng pagsasalungatan sa sarili.

______________________________________________

______________________________________________

_______ 3. Kailangang manatiling nasa gitna ang mga tao kapag nagkaroon ng pagsasalungatan.

______________________________________________

______________________________________________

_______ 4. Ang mga taong direktang sangkot sa pagsasalungatan ay ang mga nasa magkabilang panig.

______________________________________________

______________________________________________

_______ 5. Ang mga baluktot at di-kumpletong impormasyon ay nagbubunga ng mga pagsasalungatan.

______________________________________________

______________________________________________

_______ 6. Mahalagang manalo sa anumang pagsasalungatan na iyong kinasasangkutan.

______________________________________________

______________________________________________

_______ 7. Mahalagang suriin ang iyong mga pagpipilian kapag nagreresolba ng pagsasalungatan.

______________________________________________

______________________________________________

_______ 8. Subukang umiwas sa paggawa ng interpretasyon o paghuhusga kapag nagsasabi ng kuwento.

_______________________________________________

_______________________________________________

Kamusta ang pagsusulit? Sa iyong palagay, nakasagot ka ba nang mahusay? Ihambing ang iyong mga sagot sa *Batayan sa Pagwawasto* sa pahina 33 upang iyong malaman.

Kung ang lahat ng iyong mga sagot ay tama, magaling! Ito ay nagpapakita na marami ka nang nalalaman tungkol sa mga paksa sa modyul na ito. Maaari mo pa ring pag-aralan ang modyul upang pagbalik-aralan ang iyong mga nalalaman. Sinong nakaaalam, baka sakaling may matutuhan ka pang ilang mga bagay.

Kung nakakuha ka ng mababang marka, huwag malungkot. Ito ay nagpapapakita na ang modyul na ito ay para sa iyo. Makatutulong ito sa iyo na maintindihan ang ilang mga mahahalagang konsepto na maaari mong gamitin sa iyong pang-araw-araw na pamumuhay. Kung pag-aaralan mong mabuti ang modyul na ito, matututuhan mo ang mga sagot sa lahat ng bagay sa pagsusulit at marami pang iba! Handa ka na ba?

Maaari ka nang pumunta sa susunod na pahina upang simulan ang Aralin 1.

**ARALIN 1**

# Pag-unawa sa Pagsasalungatan

Kadalasan, umiiwas tayong pag-usapan ang ating mga pagkakaiba sa ibang tao upang walang mangyaring hindi maganda. Umaasa tayo na may makaaalam kung ano ang ating nararamdaman at kapag hindi, maaari tayong sumabog sa galit o umalis na lamang sa kawalang pag-asa. Naghahanap tayo ng mga bagong pakikisalamuha ngunit matatagpuan natin ang pag-ulit sa ating mga matatandang gawi at pagpasok sa mga pamilyar nang pagsasalungatan.

Ano ba talaga ang pagsasalungatan? Ito ay sasabihin sa iyo ng Aralin 1.

Matapos pag-aralan ang araling ito, dapat ikaw ay:


- makapagbigay ng kahulugan ng pagsasalungatan;
- makapagbigay ng ilang mga benepisyo mula sa pagsasalungatan;
- makakilala ng iba't ibang uri ng pagsasalungatan; at
- makapaghambing ng mga reaksiyon ng mga tao sa mga pagsasalungatan.



## Pag-isipan Natin Ito

Ikaw ba ay nakararanas ng anumang uri ng pagsasalungatan ngayon? Paano mo ito dinadala?

Alamin pa ang ibang mga bagay tungkol sa pagsasalungatan. Matapos pag-aralan ang araling ito, sana ay mas maunawaan mong mabuti ang pagsasalungatan na iyong kinasasangkutan sa ngayon.



## Alamin Natin

Ang mga sumusunod ay ang mga anyo ng pagsasalungatan:


1. Ang **pagsasalungatan** ay isang bagay na nakita o nadama na hindi kanais-nais. Ito ay isang bagay na nakapagdudulot sa iyo ng galit, inis, pagkakonsensiya o sakit.

**Halimbawa:** pagkainis matapos kang magkaroon ng pagtatalo sa iyong kaibigan



2. Ang pagsasalungatan ay nagsisimula kapag may ginawa, inisip o sinabi ang isang tao na nakapagdudulot sa iyo ng pagkainis.

   **Halimbawa:** natagpuan mo ang iyong sarili na nahahati sa pagitan ng trabaho at pag-aaral






## Pag-isipan Natin Ito

Ang pagsasalungatan ba ay laging masama?

Alamin sa pamamagitan ng patuloy na pagbabasa.



## Alamin Natin

Ang pagsasalungatan ay hindi laging masama. Sila ay maaari pang makatulong minsan. Alamin sa pamamagitan ng patuloy na pagbabasa.

1. **Kamalayan sa Suliranin.** Kapag may isang tao na nagpahayag ng pagtutol sa iyong opinyon, nagkakaroon ng pagsasalungatan. Ang pag-uusap sa ganitong pagtutol ay nagbibigay sa iyo at sa taong ito ng kamalayan sa suliranin at samakatuwid ay inaalerto ka upang humanap ng posibleng solusyon.

2. **Napagbuting Pakikipagrelasyon.** Ang paglalahad ng magkaibang pananaw ay makatutulong sa iyo na mas maunawaan ang isyu. Ang pag-uusap ay maaari ring makatulong sa paggawa ng mga posibleng solusyon na maaaring tanggapin ng lahat. Matapos iresolba ang pagsasalungatan ang relasyon sa pagitan ng mga tao na sangkot dito ay mas bubuti.



3. **Personal na Pagsulong.** Ang pagharap sa pagsasalungatan ay maaaring magturo sa iyo kung paano makitungo sa iba nang mabuti at magbibigay sa iyo ng pagkakataon na isulong ang iyong sarili.



## Pag-aralan at Suriin Natin Ito

Pag-aralan ang suliranin sa ibaba at sagutin ang mga sumusunod na tanong.

Si Dr. Fred Gonzalez ay isang matagumpay na doktor at ama ng tahanan. Nais niya na ang kaniyang kaisa-isang anak na babae na si Lisa ay sumunod sa kanyang mga yapak upang maging isa ring doktor. Ngunit ayaw ni Lisa na maging doktor. Nais niyang maging isang *marine biologist.* Binanggit ni Lisa ang kanyang mga plano sa kanyang ama. Sinabi rin niya kung bakit nais niyang maging isang marine biologist. Noong una, tumutol si Dr. Gonzales. Ngunit di kalaunan ay napag-isip niya na hindi niya dapat puwersahin si Lisa. Ang pagsasalungatan sa pagitan ng ama at anak ay mabilis na naayos.



Sagutin ang tanong sa ibaba.

Anu-anong mga benepisyo ang maaaring makuha ng ama at ng anak na babae sa kanilang pagsasalungatan?

_______________________________________________

_______________________________________________

_______________________________________________

Tingnan natin kung ang iyong mga ideya ay tama.

Dahil sa kanilang pagsasalungatan, si Dr. Gonzales ay nagkaroon ng kamalayan na ang kanyang anak na babae ay ayaw maging doktor at sa halip ay nais maging isang marine biologist. Ang pangyayari ay nakapagpasulong pa ng kanilang relasyon matapos nilang maayos ang kanilang pagsasalungatan.

Ngayon ay alam mo na kung ano ang pagsasalungatan. Malalaman mo na rin kung anu-ano ang iba't ibang uri ng pagsasalungatan.

## Subukan Natin Ito

Basahin at paghambingin ang mga sitwasyon sa ibaba.

1. Malapit na ang halalan at ang mga kasapi ng Organisasyon Para sa Bayan ay nagdedebate kung sinong kandidato sa pagka-alkalde ang kanilang susuportahan. Ang ilang mga kasapi ay nais magbigay suporta kay G. Fidel Gutierrez samantalang ang ilan ay nais magbigay suporta kay G. Leandro Megado.

2. Si Henry at Farah ay malimit magtalo kung paano nila dapat disiplinahin ang kanilang mga anak. Ayaw ni Henry na paluin ang kanilang mga anak samantalang nararamdaman ni Farrah na ang kaunting pagpalo ay hindi naman makasasakit sa kanila.

Paghambingin ang dalawang pagsasalungatan.

Sa unang sitwasyon, mayroong pagsasalungatan sa loob ng organisasyon samantalang sa pangalawa, mayroong pagsasalungatan sa pagitan ng dalawang tao. Ang unang sitwasyon ay tumatalakay sa isang kinapapaloobang grupo ng pagsasalungatan samantalang ang pangalawa ay tumatalakay sa tao-sa-taong pagsasalungatan.


Magpatuloy sa pagbabasa upang maparami pa ang kaalaman tungkol dito at sa iba pang uri ng pagsasalungatan.

## Alamin Natin

May iba't ibang uri ng pagsasalungatan. Ito ay ang:


1. **Panloob na Pagsasalungatan.** Ito ay tumutukoy sa pagsasalungatan sa sarili na maaaring sangkot ang kahalagahan, katapatan o prioridad.

   **Halimbawa:** nais pakibagayan ang iyong barkada sa pamamagitan ng paglabas kasama nila kahit na ito ay makaaapekto sa iyong trabaho at pamilya



2. **Tao-sa-taong Pagsasalungatan.** Ito ay tumutukoy sa pagsasalungatan na sangkot ang dalawang tao na magkasalungat dahil magkaiba ang personalidad, kahalagahan, katapatan o iba pang isyu. Naranasan mo na ba ang ganitong uri ng pagsasalungatan?

   **Halimbawa:** Si Jerry ay matipid samantalang si Mimi ay medyo magastos na nagdudulot sa kanila ng madalas na pagtatalo ukol sa kanilang mga bayarin




3. **Pang-Grupong Pagsasalungatan.** Ito ay tumutukoy sa pagsasalungatan na nagreresulta kapag ang dalawang grupo ay nagbuo at pumanig.

   **Halimbawa:** kung may mga paksiyon na nabuo sa likod ng dalawang pinuno na nagpapaligsahan sa mas mataas na posisyon.



4. **Tao Laban sa Grupo na Pagsasalungatan.** Ito ay ang uri ng pagsasalungatan na madalas nagaganap kapag ang isang kasapi ng isang grupo ay tumiwalag sa kanilang mga alituntunin at patakaran.

   **Halimbawa:** isang rebeldeng nagbalik-loob at pinaghahanap ng kaniyang mga dating kasamahan





## Subukan Natin Ito

Maglagay ng 4  sa kahon na tumutugon sa pangungusap na pinakamahusay na naglalarawan ng paraan ng iyong reaksiyon sa pagsasalungatan. Markahan lamang ang isang pangungusap.

☐ 1. Lagi kong inilalahad ang aking argumento nang malakas.


☐ 2. Lagi akong tama kung kaya nararamdaman ko na hindi ko na kailangang makinig sa kabilang bahagi ng isang kuwento.

☐ 3. Lagi akong sumasang-ayon sa kompromiso kung kaya walang dapat maging problema.

☐ 4. Lagi akong umiiwas na pumanig.


☐ 5. Lagi kong sinasabi ang aking mga pananaw ngunit ako ay nakikinig din sa kabilang bahagi ng isang kuwento.


Ang iyong sagot sa pagsasanay sa itaas ay nagpapahiwatig kung paano ka makitungo sa mga pagsasalungatan. Kung minarkahan mo ang unang aytem, ikaw ay isang “palaban.” Kung minarkahan mo ang ikalawang aytem, ikaw ay isang “perpeksiyonista.” Kung minarkahan mo ang ikatlong aytem, ikaw ay isang “tagapamayapa.” Kung minarkahan mo ang ikaapat na aytem, ikaw ay isang “tagapamagitan.” Kung minarkahan mo ang ikalimang aytem, ikaw ay isang “makatotohanan.” Ano ang ibig sabihin nito? Alamin natin.



## Alamin Natin

Ang nasa ibaba ay ilan sa mga pangkaraniwang reaksiyon sa pagsasalungatan. Ang kodigong pangalan ng bawat grupo ay naglalahad ng mga katangian ng mga tao na nabibilang sa kategoryang ito.

| Pangalan | Reaksiyon sa Pagsasalungatan | Pagsasalarawan |
|---|---|---|
| Palaban  | Pupunta sila sa pader, lilikha ng impiyerno, mananakot na magsimula ng kaguluhan. Ang kanilang posisyon ay maaaring mali ngunit ilalahad nila ito nang malakas at may puwersa. Madalas silang manalo sa pamamagitan ng pagyayabang. | Mga taong mahilig lumaban para sa kapakanan ng pakikipaglaban |
| Perpeksiyonista  | Pakikinggan lamang nila ang kanilang bahagi at kailangang paniwalain muna na tama ang kabilang bahagi bago nila baguhin ang kanilang isip. At kung sila ay matalo o sumang-ayon sa kompromiso, sila ay magagalit dahil sa isip nila ay sila pa rin ang tama. | Ang mga nais maging tama sa lahat ng bagay |

| Pangalan | Reaksiyon sa Pagsasalungatan | Pagsasalarawan |
|---|---|---|
| Tagapamayapa  | Magpapanggap sila na ang lahat ay maayos. Babali sila ng pabalik upang maayos ang mga bagay kahit na hindi tunay na naresolba ang isyu. Sila ay mapanganib dahil hindi nila ipinakikita kung saan sila pumapanig. | Yaong mga magkokompromiso upang maging mas mahinahon o mukhang maayos ang mga bagay-bagay. |
| Tagapamagitan  | Hindi sila maninindigan sa anumang posisyon at iiwas sa mga paghaharap na mas higit pa sa mga tagapamayapa. Sila rin ay mapanganib dahil sasang-ayon sila sa pangloob na posisyon ngunit hindi ito ipadarama kaya't ang kabuuan ay imposible sa mga tagapamagitan. | Yaong mga hindi kumukuha ng posisyon sa anumang bagay. |
| Makatotohanan  | Nakikita nila na ang pagbagsak ay isang pagkakataon. Magiging malakas sila sa kanilang mga pananaw ngunit bukas rin na mapakinggan ang kabilang bahagi at humanap ng mahalagang pagtuklas kung posible. Alam ng mga makatotohanan na ang relasyon at posisyon ay di-mapaghihiwalay at haharapin ang pagsasalungatan patungo sa paghihiwalay ng relasyon sa mga nagtutunggaling posisyon. | Yaong ang tingin sa buhay ay isang pagkakataon na mabuhay nang husto. |

## Alamin Natin ang Iyong mga Natutuhan

Sagutin nang maikli ang mga sumusunod na tanong.

1. Si Linda ay kahihiwalay pa lamang sa kanyang kasintahan. Nalaman niya na ito ay may relasyon sa ibang babae. Sila ay nagkaroon ng mainit na pagtatalo. Pagkatapos ng paghihiwalay, umiyak nang umiyak si Linda. Ngunit agad niyang napanghulo na wala siyang mapapala sa kaiiyak. Nagdesisyon siya na dapat na siyang magpatuloy sa kanyang buhay. Anong benepisyo ang nakuha ni Linda sa pagsasalungatan na kanyang naranasan?

_______________________________________________

_______________________________________________

_______________________________________________

2. Maliit lamang ang kinikita ni Aya sa paghahanapbuhay bilang isang mananahi. Siya ay mayroong kapatid na lalaki na walang asawa at walang hanapbuhay. Huminto si Aya sa kanyang pag-aaral dahil hindi na siya kayang suportahan ng kanyang pamilya. Ngayon, iniipon niya ang kaniyang kita upang maipagpatuloy niya ang kaniyang pag-aaral. Isang araw, nagsabi ang kanyang kapatid na lalaki na kung maaari niya itong pahiramin ng pera sapagkat manganganak ang kasintahan nito. Naguluhan si Aya. Nais niyang pahiramin ng pera ang kapatid na lalaki ngunit nais din niya na itago ang kaniyang mga naipon dahil malapit nang magbukas ang klase. Anong uri ng pagsasalungatan ang nararanasan ni Aya?

   ___________________________________________

   ___________________________________________

   ___________________________________________

   ___________________________________________

   ___________________________________________

3. Ang mga namumuno ng Samahan ng mga May-ari ng Bahay sa Teresa ay nais magdesisyon kung itutuloy pa ang *Santacruzan* o hindi na. Basahin kung paano ang naging takbo ng isang bahagi ng kanilang usapan.

   **Konsehal Realidad:** Sa aking paniniwala ay hindi na maganda kung itutuloy pa ang Santacruzan ngayong taon sapagkat wala tayong sapat na pondo at oras upang mapaghandaan ito. Alam kong marami sa inyo ang hindi sumasang-ayon sa aking pananaw. Ako ay magiging bukas upang pakinggan ang inyong mga pananaw at baka sakaling may sama-sama tayong magawa.

   **Konsehal Ubana:** Kalokohan kung hindi itutuloy ang Santacruzan. Hindi ko maintindihan kung bakit ang ilan sa inyo ay nagkaroon pa ng ganyang ideya!

   **Konsehal Perpecto:** Tama siya. Ako ay lubos na naniniwala na dapat nating ituloy ang Santacruzan. Walang sinumang dapat makipagtalo sapagkat ito ay isa ng tradisyon noon pa man. Walang sapat na dahilan upang ito ay hindi ituloy ngayong taon.

   **Konsehal Pacifico:** Ako ay sasang-ayon sa anumang desisyon na mapagkakasunduan ng grupo.

   **Konsehal Nagales:** Ayokong pumanig kaninuman. Nakikita ko na ang bawat partido ay may punto.

Kilalanin kung sino sa mga konsehal ang maituturing na palaban, isang perpeksiyonista, isang tagapamayapa, tagapamagitan o isang makatotohanan base sa kanilang pangungusap. Isulat ang iyong sagot sa puwang na ibinigay sa ibaba.

Paghambingin ang iyong mga sagot sa mga nasa *Batayan sa Pagwawasto* sa pp. 33–34. Nakuha mo ba ang mga tamang sagot? Kung nakuha mo, magaling! Kung hindi mo nakuha, basahin muli ang aralin. Natitiyak kong magagawa mo ito nang mas mahusay ngayon.



## Tandaan Natin

- Ang **pagsasalungatan** ay maaaring:
  - isang bagay na nakikinitang hindi kaaya-aya at nagdudulot ng galit, pagkainis, pagkakonsensiya o sakit; at/o
  - isang bagay na ginawa ng isang tao, inisip o sinabi na nagdulot sa kanya ng pagkainis.
- Ang pagsasalungatan ay nagbibigay ng kamalayan sa tao ukol sa isang suliranin, sa pagsulong ng mga pakikipagrelasyon at pagsulong ng personalidad.
- Ang iba't ibang uri ng pagsasalungatan ay ang panloob na pagsasalungatan, tao-sa-tao, pang-grupo at tao laban sa grupong pagsasalungatan.
- Ang mga tao ay maaaring maging palaban, perpeksiyonista, tagapamayapa, tagapamagitan at makototohanan sa kanilang pagbibigay ng reaksiyon sa mga pagsasalungatan.

# Pagresolba ng Pagsasalungatan

Ang bawat engkuwentro sa isang tao na may pananaw na kakaiba sa atin ay naghahandog ng potensiyal para sa di-pagkakasundo o pagsasalungatan. Ang pagresolba ng mga pagsasalungatan ay hindi madali. Ang maling pagdadala ng mga pagkakaiba ay maaaring mag-iwan ng mga piglat sa emosyon. Maaari rin itong mag-alis ng enerhiya kung saan ito ay talagang kailangan. Ito ang dahilan kung bakit maraming tao ang umiiwas sa mga di-pagkakaunawaan. Ang gantimpala sa pagdadala ng mga di-pagkakaunawaan nang mahusay ay nakalulugod. Kapag ikaw ay nagtagumpay sa pagdadala ng mga di-pagkakaunawaan, ang lahat ay panalo. Ang aralin na ito ay magtuturo sa iyo ng mga hakbang sa pangangasiwa ng mga  di-pagkakaunawaan.

Matapos pag-aralan ang aralin na ito, dapat na maipaliwanag mo ang mga hakbang sa pagreresolba ng mga pagsasalungatan.



## Subukan Natin Ito

Sagutin nang maikli ang mga tanong sa ibaba. Isulat ang iyong mga sagot sa mga ibinigay na puwang.

1. Isalarawan ang pagsasalungatan na nararanasan mo sa ngayon.

   ______________________________________________

   ______________________________________________

   ______________________________________________

   ______________________________________________

   ______________________________________________

2. Paano mareresolba ang pagsasalungatan?

   ______________________________________________


   ______________________________________________

   ______________________________________________

   ______________________________________________

   ______________________________________________

Ang mga sagot sa pagsasanay na ito ay maaaring magkakaiba. Tandaan ang iyong mga sagot sapagkat ito ang magiging pamantayan mo sa mga susunod na pagsasanay. Sa ngayon, tingnan ang mga hakbang sa pagresolba ng pagsasalungatan sa susunod na pahina.



## Alamin Natin


Ang mga sumusunod ay ang mga hakbang sa pagresolba ng pagsasalungatan.

**HAKBANG 1 : Kilalanin ang mga magkabilang-panig.**

Ang **magkabilang-panig** ay ang mga tao na kasangkot sa pagsasalungatan. Ang bawat panig ay may direktang interes o pagkakasangkot sa pagsasalungatan.

Pag-aralan ang sitwasyon sa ibaba.

Si Mario ay nangangasiwa ng isang pagawaan ng mga gamit-elektrikal. Napansin niya na ang isa sa kanyang mga trabahador na si Jose ay nagdala ng kanyang telebisyon upang kumpunihin sa oras ng pagtatrabaho na labag sa alituntunin ng pagawaan. Alam ni Mario na si Jose ay mahusay at maaasahan. Nang tanungin ni Mario si Jose kung bakit siya gumagawa ng isang pang-personal na gawain sa oras ng pagtatrabaho, sinabi ni Jose na wala siyang sapat na kagamitan sa bahay at wala rin siyang oras upang gawin ang telebisyon sapagkat palagi siyang nasa trabaho.



Sino sa iyong palagay ang mga magkabilang-panig sa sitwasyon na ito?

_______________________________________________

_______________________________________________

Si Jose, Mario at ang kumpanya ang mga magkakabilang-panig sa sitwasyon na ito. Bakit?

- Si Jose, sapagkat nakagawa siya ng isang bagay na labag sa alituntunin ng pagawaan.
- Si Mario, sapagkat siya ang nangangasiwa ng pagawaan at si Jose ay nasa ilalim ng kanyang pamamahala.
- Ang kumpanya, sapagkat nawawalan ito ng isang bagay sa bawat oras na ang isang empleyado ay gumagawa ng mga bagay na labag sa mga alituntunin nito.




## Pag-isipan Natin Ito

Sa pagsasalungatan na isinalarawan sa unang pagsasanay, sinu-sino ang mga magkakabilang-panig?

Ngayon na kaya mo nang kilalanin ang magkakabilang-panig sa isang pagsasalungatan, magtungo tayo sa susunod na hakbang.

**HAKBANG 2: Kilalanin ang totoong suliranin.**



Upang epektibong mataya ang pagsasalungatan, dapat ay makahanap ka ng paraan na totoong makikita mo iyon at hindi ang interpretasyon mo lamang. Subukang tanungin ang sarili ng mga sumusunod na tanong:

- Ano ang aking nakikita?
- Ito ba ay yaong totoo o dinaragdagan lamang ng sarili kong interpretasyon?

- Kung ako ay sumusulat ng balita tungkol sa isang tao, sitwasyon o pangyayari na aking nakikita, paano ko ito isasalarawan?

Sa personal na pagsasalungatan na iyong isinalarawan, tanungin mo ang iyong sarili ng mga tanong na ibinigay sa itaas.

Sa pagkilala ng tunay na suliranin, matataya mo ang (mga) pinanggalingan ng pagsasalungatan. Ang pagsasalungatan ay maaaring maipakita sa maraming paraan. Nagkakaroon ng pagsasalungatan dahil sa mga sumusunod:

- baluktot  o di-kumpletong impormasyon
- mali o di-magkabagay na layunin;
- di-epektibo o di-tugmang mga paraan; at
- mga negatibong pakiramdam.



## Subukan Natin Ito

Ano ang tunay na suliranin nina Mario at Jose?

__________________________________________________

__________________________________________________

__________________________________________________

__________________________________________________

__________________________________________________

Alamin natin kung ang iyong mga sagot ay tama.

Si Jose at Mario ay may di-magkabagay na layunin. Nais ni Jose na gawin ang kanyang telebisyon sa pagawaan kung saan siya nagtatrabaho. Sa kabilang dako, si Mario, bilang tagapangasiwa, ay hindi pumapayag dito.



## Pag-isipan Natin Ito

Sa personal na pagsasalungatan na isinalarawan sa unang pagsasanay, ano ang pinagmulan ng pagsasalungatan?

Magtungo tayo sa susunod na hakbang.

**HAKBANG 3: Isuko na ang "dapat manalo" na pag-uugali.**

Basahin ang kuwento sa ibaba.

Matalik na magkaibigan sina Linda at Guia. Pareho silang nagtatrabaho sa isang *department store.* Bukod sa kanyang sarili, ang lahat ay umaasa na si Guia ay magiging tagapangasiwa. Sinabi ni Guia kay Linda kung gaano siya kagalak sa kanyang nalalapit na promosyon. Subalit nang dumating na ang araw na ipapahayag na ito, nagulat si Guia. Si Linda ang nakakuha ng promosyon. Inalok ng amo kay Linda ang posisyon at ito ay kanyang tinanggap. Nagalit si Guia kay Linda sa pagtanggap nito sa posisyon na kanyang inaasahan. Isinumpa niya na hindi na siya makikipag-usap kailanman kay Linda.



Lumapit si Linda kay Guia at sinabi niya na ang posisyon ay inialok lamang sa kanya at hindi niya ito hiniling. Humingi siya ng paumanhin kay Guia at sinabing ito ay isa lamang sa pagsulong ng kanyang *career.* Ngunit hindi ito tinanggap ni Guia. Nais niyang gumanti kay Linda.


Sa iyong palagay, paano mareresolba ang pagsasalungatang ito?

Ang pagsasalungatan ay mareresolba kung si Guia ay sasang-ayon na makipag-usap kay Linda. Dapat ay isuko na ni Guia ang kanyang"dapat manalo" na asal. Dapat na itigil na niya ang ang paghihiganti kay Linda. Ang pagsasalungatan ay hindi ginawa upang maipanalo, dapat ito ay maresolba.

Ang isang tao na may dapat-manalong asal ay nais laging makuha ang kanyang gusto. At kung hindi niya ito makukuha, sinisisi niya ang iba na nagdudulot ng mas malaking pagsasalungatan.

Tingnan natin ang isa pang halimbawa.

Ang mga empleyado ng kumpanya ay humihingi ng P1,000-karagdagan sa kanilang suweldo. Sinabi ng unyon ng mga empleyado na hindi sila magtatrabaho hangga't hindi ibinibigay ang karagdagan. Sa kabilang dako, sinabi ng tagapangasiwa na hindi nila maibibigay ang hinihiling ng mga empleyado. Dinagdag pa nila na kung ang mga empleyado ay hindi babalik sa kanilang mga trabaho sa susunod na araw, sila ay ituturing na lumiban nang walang paalam na maaaring maging sapat na dahilan upang sila ay tanggalin sa trabaho.



Sa sitwasyon sa itaas, parehong ang unyon ng mga empleyado at ang tagapangasiwa ay nagtatanghal ng dapat-manalong asal. Pareho silang ayaw bumigay sa mga hiling ng bawat isa. Hindi silang sasang-ayon sa isang kompromiso.




## Pag-isipan Natin Ito

Paano mareresolba ang pagsasalungatan sa pagitan ng mga unyon ng empleyado at ang tagapangasiwa?

Ang tanging paraan upang ito ay magawa ay kung sila ay magkakaroon ng kompromiso.

Sa kuwentong inilahad, kapwa si Mario at Jose ay hindi nagtanghal ng dapat-manalong asal, kung kaya naging mas madaling naayos ang pagsasalungatan sa pagitan nila.



## Alamin Natin

Sa pagsasalungatan na iyong nararanasan sa ngayon, ikaw ba o ang kabilang partido ay mayroong dapat-manalong asal?

Imbes na dapat-manalong asal, ano ang nararapat na maging asal mo?

**HAKBANG 4: Suriin ang iyong mga pagpipilian at piliin ang pinakamahusay na solusyon.**

Upang maresolba ang pagsasalungatan, huwag magpataw ng solusyon. Ang karaniwang alituntunin ay dapat magkaroon ng pinagsamang-pananaw na hindi mula sa paggamit ng puwersa o sa boto ng mas nakararami. Piliin ang pinakamahusay sa iyong mga pagpipilian mula sa iba't ibang posibleng solusyon na iyong nakuha. Kadalasan, ang pinakamahusay na solusyon sa anumang pagsasalungatan ay yaong wala sa mga pagpipilian. Ang iyong tanging layunin ay dapat na mamili ng resolusyon na makapagpapabuti sa parehong partido.

Ang magagawang solusyon ay makatutulong sa iyo upang magpatuloy. Dapat ay hinahayaan ka nitong lumayo sa lugar ng pagsasalungatan sa posibleng resolusyon.

Ang pagdaan sa proseso ng pagsulong ng higit sa isang posibleng solusyon ay makapupuwersa sa iyo na mag-isip ng maraming paraan at madaragdagan ang iyong pagkakataon na dumating sa isang resolusyon. Huwag kalilimutan na ikaw ay humahanap ng isang resolusyon at hindi ang "panalo."

Ang mga sumusunod ay listahan na makatutulong sa iyo na suriin ang iyong mga mapagpipilian:

q Sa mga posibleng solusyon, ano ang iyong napili na makagpupuno ng sa aking personal na interes?

q Ang solusyon ba na ito ay katanggap-tanggap ng kabilang partido o kailangan pang ayusin nang kaunti upang maging katanggap-tanggap sa kanila?

q Paano aayusin ang napili upang ito ay maging katanggap-tanggap sa kabilang partido?

q Kung ang solusyon ay hindi na puwedeng ayusin, mayroon pa bang ibang mapagpipilian na makapagpupuno sa aking interes ngunit mas madaling tanggapin ng kabilang partido?

q Napag-aralan ko na ba nang kumpleto ang lahat ng posibleng mapagpipilian para sa magagawang solusyon?

q Naghanda ba ako ng mga iba pang mapagpipilian kapag ang una kong napili o pinakamahusay na solusyon ay hindi naresolba ang pagsasalungatan?

q Ako ba ay handa na sa paglalahad ng una kong napili sa kabilang partido?



## Subukan Natin Ito

Sa kuwento nina Mario at Jose, ano ang mga posibleng mapagpipilian ni Mario?



______________________________________________________________

______________________________________________________________

______________________________________________________________

Tingnan ang listahan ng mga posibleng maaaring gawin para kay Mario:

1. Dapat sabihin ni Mario kay Jose kung ano ang eksaktong kanyang nararamdaman at imbitahan si Jose na maging prangka. At pagkatapos, maaaring sabihin ni Mario na pumapayag siyang maggugol ng oras upang maayos ang isang napagkasunduang plano.
2. Sa isang pang-kaibigang pamamaraan, maaaring sabihin ni Mario na naiintindihan niya si Jose. At pagkatapos ay maaari niyang sabihin na ang paggawa ng mga personal na proyekto sa pagawaan ay hindi magbibigay ng isang magandang halimbawa sa ibang empleyado.
3. Dapat ay huwag pansinin ni Mario ang sitwasyon. Kaya na niyang makipag-usap kay Jose tungkol sa mga suliraning panghinaharap, kung mayroon man.
4. Dapat sabihin ni Mario kay Jose na maaari niyang gamitin ang mga kagamitan sa pagawaan para sa mga personal na proyekto ngunit pagkatapos lamang ng oras ng trabaho, at iyon ay tuwing pananghalian o sa araw ng Linggo.
5. Dapat ay sabihin ni Mario kay Jose na ang pagawaan ay may alituntunin laban sa mga paggawa ng mga personal na proyekto kapag araw ng pagtatrabaho.

Ako ay sigurado na ang mga mapagpipilian sa itaas ay katulad ng iyong mga sagot. Kung ikaw si Mario, ano ang iyong pipiliin?

Bago ka pumili, tandaan na dapat timbangin mo ang mga mabuti at di mabuting makukuha sa bawat pagpipilian.



## Pag-aralan at Suriin Natin Ito

Isulat ang mga mabuti at di mabuting makukuha sa bawat pagpipilian ni Mario sa mga ibinigay na puwang.

1. Dapat sabihin ni Mario kay Jose kung ano ang eksaktong kanyang nararamdaman at imbitahan si Jose na maging prangka. At pagkatapos, maaaring sabihin ni Mario na pumapayag siyang maggugol ng oras upang maayos ang isang napagkasunduang plano.

 ______________________________________________
 ______________________________________________
 ______________________________________________
 ______________________________________________

2. Sa isang pang-kaibigang paraan, maaaring sabihin ni Mario na naiintindihan niya si Jose. At pagkatapos ay maaari niyang sabihin na ang paggawa ng mga personal na proyekto sa pagawaan ay hindi nagbibigay ng isang magandang halimbawa sa ibang empleyado.

 ______________________________________________
 ______________________________________________
 ______________________________________________
 ______________________________________________

3. Dapat ay huwag pansinin ni Mario ang sitwasyon. Kaya na niyang makipag-usap kay Jose tungkol sa mga suliraning panghinaharap, kung mayroon man.

 ______________________________________________
 ______________________________________________
 ______________________________________________
 ______________________________________________

4. Dapat sabihin ni Mario kay Jose na patuloy na gamitin amg mga kagamitan sa pagawaan para sa mga personal na proyekto ngunit pagkatapos lamang ng oras ng trabaho, at iyon ay tuwing pananghalian o tuwing lingguhan.

 ______________________________________________
 ______________________________________________
 ______________________________________________
 ______________________________________________

5. Dapat ay sabihin agad ni Mario kay Jose na ang pagawaan ay may alituntunin laban sa mga paggawa ng mga personal na proyekto kapag araw ng pagtatrabaho.

____________________________________________________________

____________________________________________________________

____________________________________________________________

____________________________________________________________

Alamin natin kung pareho ang ating mga ideya tungkol sa mga pagpipilian. Nasa ibaba ang aking mga sagot.

1. Kung sasabihin ni Mario kay Jose ang eksaktong kanyang nararamdaman at imbitahin siya na maging prangka, si Jose ay makararamdam ng respeto dahil maririnig ni Jose ang kanyang mga pananaw at pagkatapos ay pareho silang makagagawa ng mapagkakasunduang plano. Ngunit ito ay itinuturing na mahinang istilo ng pangangasiwa sa bahagi ni Mario. Lalabas na hindi nagampanan ni Mario ang kanyang responsibilidad na dapat na gawin.

2. Kung sinabi ni Mario na naintindihan niya si Jose, sa gayon ay maaari niyang ayusin ang kaniyang pagkakaiba kay Jose nang hindi nag-aaksaya ng isang mahaba at walang patutunguhang debate. Ngunit kung hindi mapakikinggan ni Mario ang mga pananaw ni Jose, ito ay maaring magpahina sa loob ni Jose sa hinaharap.

3. Kung hindi papansinin ni Mario ang sitwasyon, ang ibang empleyado ay hindi magtatago ng hinanakit kay Jose. Ngunit kung malaman ng ibang empleyado ang insidente, maaari nilang sundan ang halimbawa ni Mario na maaaring magbunga ng mas malaking suliranin sa hinaharap.

4. Sa paggamit ng tawarang istratehiya, maaring makuha ni Mario ang mabuting hangarin ni Jose sa pagpayag nitong punan ang isang personal na pangangailangan sa mababang halaga sa pagawaan. Ngunit maaaring di-mapansin ni Mario na madala ang pagawaan sa potensyal na pananagutan.

5. Kung sinabi na lamang ni Mario kay Jose na ang kaniyang ginagawa ay laban sa mga alituntunin ng kumpanya, ang isyu ay matatapos na. Sa paggawa nito, sa anumang sitwasyon, hindi maaaring akusahan si Mario ng diskriminasyon o paboritismo. Ngunit dapat gawin ito ni Mario na isinaalang-alang ang damdamin ni Jose.



## Subukan Natin Ito

Sagutin ang tanong na ito: Kung ikaw si Mario, ano sa mga mapagpipilian ang iyong pipiliin at bakit?

__________________________________________________________


__________________________________________________________

__________________________________________________________

__________________________________________________________

__________________________________________________________

Walang tama at maling sagot sa tanong na ito. Ang ideya ay kumuha ng ilang mga mapagpipilian at suriin silang mabuti bago gumawa ng isang desisyon.



## Alamin Natin

Ngayon, ikaw ay handa na upang magtungo sa huling hakbang ng pagreresolba ng isang pagsasalungatan.

**HAKBANG 5: Pakikipag-usap sa paraang ito ay siguradong matatanggap.**

Ang **pakikipagtalastasan** sa kontekstong ito ay ang pagsasabi ng mensahe sa kabilang partido sa pamamagitan ng salita, panulat o iba pang paraan. Sa kaso ng resolusyon sa pagsasalungatan at solusyon sa suliranin, ang pakikipagtalastasan ang siguradong nangyayari. Subalit ito ay karaniwang puno ng galit, kakulangan ng linaw at ang kawalan ng kusang-loob na gumalaw mula sa salita papunta sa gawa.

Upang epektibo ang pakikipag-usap, dapat ikaw ay epektibong makinig. Hindi mo makukumbinse ang mga manonood na hindi mo nakikita. Kung gayon, ang sining ng aktibong pakikinig ang nagiging susing elemento sa proseso ng pakikipagtalastasan.

Kapag naramdaman ng isang tao sa kanyang puso na ang kanyang mensahe ay natanggap, saka lamang siya makapakikinig sa iyong mensahe. Ito ay likas sa tao. Ikaw ay nakikinig sa iba kapag naramdaman mo na hindi ka niya narinig.

Sa kabilang dako, kapag may pakiramdaman na ikaw ay lubusan at kumpletong napakinggan, ikaw ay nagkakaroon ng pakiramdamdam na buong-buo at nagdudulot sa iyo na maging bukas na makinig sa iba.

Kung gayon, paano ka makikipag-usap?



Una, kailangang kunin mo ang atensiyon ng ibang tao. Walang makikinig ng maayos kapag hindi mo nakuha ang kanilang atensiyon. Dapat na siguraduhin na mayroon kang atensiyon ng isang tao bago pa man subukang makipag-usap ng iyong damdamin o suhestiyon sa pagresolba ng isang isyu. Paano mo malalaman kung ang tao ay nakikinig? Simple! Magtanong ka.

Pangalawa, sabihin ang iyong bahagi ng kuwento. Ang iyong nararamdaman, posisyon o mga nilalaman sa paraan kung ano ang iyong nakikita ay dapat na masabi sa kabilang partido sa isang malinaw at malawak na pamamaraan. Kung maaari, iwasan muna ang makinig sa iyong mga emosyon, interpretasyon, o paghuhusga sa paraan ng iyong pagsasabi ng kuwento.

## Alamin Natin ang Iyong mga Natutuhan

Basahin ang kuwento sa ibaba.



Si Pedring at Martha ay kasal na sa loob ng limang taon, Isang gabi, pagkatapos ng hapunan…

**Pedring:** *(sa isang galit na boses)* Hindi ako makapaniwala! Naghintay ka hanggang ngayon, huling minuto na, upang sabihin sa akin na magpapatala ka sa kolehiyo sa darating na semestre! Hindi mo man lang ba naisip na kausapin muna ako bago ka gumawa ng desisyon? Paanong mangyayari na bigla ka na lamang dapat nasa paaralan?

**Martha:** Mayroon pa naman tayong natitirang mga araw bago ko dalhin ang aking papel sa pagpapatala.

**Pedring:** Hindi ko makuha! Hindi ka na pumapasok sa loob ng isang silid-aralan sa loob ng limang taon. Bakit ang pagkuha ng titulo ay bigla na lamang napunta sa itaas ng iyong mga listahan ng uunahin? Naghihikahos tayo dito, kung hindi mo napapansin, at alam mong kailangan natin ang iyong suweldo…

**Martha:** Alam mo Pedring, alam ko naman kung gaano ka nagsusumikap sa iyong paghahanapbuhay at alam mo kung gaano ko rin ninais na makabalik sa paaralan. Hindi pa naman ako nagpapatala. Nagkaroon lang ako ng pagsusuri.

**Pedring:** Sige, nakuha ko iyan. Pero bakit ngayon ka magsisimula? Maghintay ka muna ng dalawang taon at maaari na nating makayanan iyan.

**Martha:** Ang totoo ay nawalan na ako ng gana sa trabaho at hindi ko na makakayanan ang ganito. Sa unang pagkakataon sa loob ng mahabang taon, ako ay nagagalak. Ang ideya lamang na makapag-basa at mag-aral at makakuha ng ilang panggising sa isipan ay nakagagalak.

**Pedring:** Ang punto na gusto kong gawin ay, kung mas mahaba ang iyong paghihintay na makabalik sa paaralan, mas madali para sa akin na mabayaran ang iyong *tuition*. Hindi ba iyan makatuwiran?

**Martha:** Oo, makatuwiran iyan. Ngunit gusto kong lumago at hamunin. Ayokong manatili sa nakatatamad na trabaho habang ang aking buhay ay dumaraan na lamang.

**Pedring:** Ang punto ay, hindi natin kayang tustusan ang pagbabalik mo sa paaralan sa ngayon. Nagtatrabaho ako ng labingdalawang oras bawat araw para sa ating hinaharap.

**Martha:** Alam mo na nais ko talagang bumalik sa paaralan. Ako ay nasa parehong nakatatamad na trabaho simula pa nang ikasal tayo.

**Pedring:** Kung makapaghihintay ka pa sana ng isa pang taon…

**Martha:** Paano ko malalaman na ang mga bagay ay mas magiging mabuti sa gayon? Gusto ko ng buhay!

Ang sumusunod ay mga hakbang sa pagreresolba ng pagsasalungatan. Isalarawan kung papaano maaaring iresolba ng mag-asawa ang kanilang suliranin.

**Hakbang 1: Kilalanin ang mga magkabilang panig.**

__________________________________________

__________________________________________

__________________________________________

__________________________________________

**Hakbang 2: Kilalanin ang totoong suliranin.**

__________________________________________

__________________________________________

__________________________________________

__________________________________________

**Hakbang 3: Isuko na ang "dapat manalo" na pag-uugali.**

**Hakbang 4: Suriin ang iyong mga pagpipilian at piliin ang pinakamahusay na solusyon.**

**Hakbang 5: Pakikipag-usap sa paraang ito ay siguradong matatanggap.**

Nakapagbigay ka ba ng sagot sa bawat hakbang? Ipakita ang iyong mga sagot sa iyong *Instructional Manager* para sa ilang pagbabalik. Maaari mo ring tingnan ang ilang halimbawang sagot sa *Batayan sa Pagwawasto* sa pahina 34.

## Tandaan Natin

♦ Ang mga hakbang sa pagreresolba ng pagsasalungatan ay:

1. Kilalanin ang mga magkabilang-panig.
2. Kilalanin ang tunay na suliranin.
3. Isuko na ang "dapat manalo" na asal.
4. Suriin ang iyong mga mapagpipilian at piliin ang pinakamahusay na solusyon.
5. Makipag-usap sa paraan na tiyak na matatanggap.

Ito ang pagtatapos ng modyul! Maligayang bati sa iyong pagtatapos nito. Nagustuhan mo ba ito? May natutuhan ka bang mga bagay na kapaki-pakinabang mula dito? Isang buod ng mga pangunahing puntos ay ibinigay sa susunod na pahina upang matulungan ka na matandaan silang maigi.

## Ibuod Natin

Ang modyul na ito ay nagsasabi sa atin na:

♦ Ang pagsasalungatan ay isang bagay na di-kanais-nais at nagdudulot ng galit, inis, pagkakonsensiya o sakit at/o isang bagay na ginawa ng isa, inisip o sinabi na nagdulot sa kanya ng pagkainis.

♦ Ang pagsasalungatan ay makatutulong sapagkat binibigyan nito ang tao ng kamalayan sa kanilang mga suliranin, paunlarin ang pakikipagrelasyon sa tao at isulong ang personalidad ng isang tao.

♦ Ang iba't ibang uri ng pagsasalungatan ay ang mga:

- panloob na pagsasalungatan;
- tao-sa-taong pagsasalungatan;
- pang-grupong pagsasalungatan; at
- tao laban sa grupong pagsasalungatan.

♦ Kapag nagkakaroon ng reaksiyon sa pagsasalungatan, ang tao ay maaaring maging isa sa mga sumusunod:

- palaban;
- perpeksiyonista;
- tagapamayapa;
- manatiling tagapamagitan; o
- makatotohanan.

♦ Ang mga hakbang sa pagreresolba ng pagsasalungatan ay ang mga:

1. Kilalanin ang mga magkabilang panig
2. Kilalanin ang tunay na suliranin.
3. Isuko na ang "dapat manalo" na asal.
4. Suriin ang iyong mga mapagpipilian at piliin ang pinakamahusay na solusyon.
5. Makipag-usap sa paraan na tiyak na matatanggap.

## Anu-ano ang mga Natutuhan Mo?

Basahin ang suliranin sa ibaba at sa pagsunod sa mga hakbang sa pagresolba ng pagsasalungatan, isulat kung ano ang gagawin mo sa bawat hakbang.

Si Bernard at Julia ay may tatlong taon nang kasal. Isang gabi, matapos ang hapunan…



**Julia:** Bernard, gusto kong magtrabaho.

**Bernard:** Sino ang mag-aaruga sa mga bata?

**Julia:** Hindi ba natin kayang kumuha ng katulong?

**Bernard:** Hindi natin kaya Julia. Alam mo iyan!

**Julia:** Bakit ayaw mong makinig sa akin? Lagi mo na lang akong pinipigilan. Bernard, ako'y tinatamad dito.

.**Bernard:** Julia, kung mananatili ka rito, makatutulong ka pa sa akin. Ako ang haligi ng pamilya. Walang patutunguhan ang pag-uusap na ito.

**Julia:** Hindi ka nakikinig sa akin. Ang sabi ko, ako ay tinatamad na nananatili sa tahanan, maglinis ng bahay, maglaba at mag-alaga ng mga bata. Maghahanap ako ng trabaho simula bukas.

**Bernard:** *(may galit na boses)* Hindi ka magtatrabaho!

**Hakbang 1:** **Kilalanin ang mga magkabilang panig.**

**Hakbang 2:** **Kilalanin ang totoong suliranin.**

**Hakbang 3:** **Isuko na ang "dapat manalo" na pag-uugali.**

**Hakbang 4:** **Suriin ang iyong mga pagpipilian at piliin ang pinakamahusay na solusyon.**

**Hakbang 5:** **Pakikipag-usap sa paraang ito ay siguradong matatanggap.**

Anong mga benepisyo ang makukuha ng mag-asawa sa pagsasalungatan?

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

Anong uri ng pagsasalungatan mayroon ang mag-asawa?

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

Nakapagbigay ka ba ng sagot sa bawat hakbang? Ipakita ang iyong mga sagot sa iyong *Instructional Manager* para sa ilang opinyon. Maaari mo ring tingnan ang ilang halimbawang sagot sa *Batayan sa Pagwawasto* sa pahina 35.

## Batayan sa Pagwawasto

### A. Alamin Natin ang Iyong mga Natutuhan *(pp. 2–3)*

1. **T**
2. **T**
3. **M** – Ang pagkakaroon ng komprontasyon at pagkakaiba-iba ng opinyon ay normal sa mga pagsasalungatan. Ang mga sangkot ay dapat nasa pagitan lamang. Ngunit maaari rin silang pumanig kung sila ay bukas sa mga sasabihin ng iba.
4. **T**
5. **T**
6. **M** – Ang pagsasalungatan ay hindi upang manalo subalit dapat na sila ay resolbahin. Ang mga sangkot sa pagsasalungatan ay dapat matuto na makipagkompromiso.
7. **T**
8. **T**

### B. Aralin 1

*Alamin Natin ang Iyong mga Natutuhan (pp. 11–13)*

1. Ang pagsasalungatan na kinapapalooban ni Linda ay nagbibigay ng kamalayan sa kanyang sarili. Ito rin ay humahamon sa kanya na harapin ang mga masalimuot na pakikipagrelasyon niya sa ibang tao upang maging mas maganda.
2. Nararanasan ni Aya ang panloob na pagsasalungatan. Siya ay nahahati sa dalawang prioridad—ang kanyang pag-aaral at ang kanyang kapatid na lalaki.
3. Si Konsehal Ubana ay isang palaban. Ang kanyang pangungusap ay sumasalamin ng pagkagalit at pagiging amo.

   Si Konsehal Perpekto ay isang perpeksiyonista. Sa pagsasabing walang matibay na dahilan upang di-ipagpatuloy ang Santacruzan, isinara na niya ang kanyang pag-iisip sa opinyon ng iba. Kanyang paninindigan na naniniwala lamang siya sa kanyang mga iniisip.

   Si Konsehal Pacifico ay isang tagapamayapa. Sapagkat ayaw niya lamang na makipag-argumento kahit kanino, pumapayag siya na sumang-ayon kung anuman ang maihahayag.

Si Konsehal Nagales ay nananatiling tagapamagitan. Ang kanyang pangungusap ay nagsasalamin ng kaunting pagsapi sa pagreresolba ng pagsasalungatan.

Si Konsehal Realidad ay isang makatotohanan. Tumatayo siya sa kanyang opinyon. At bukod dito, handa rin siyang makinig sa opinyon ng iba.

## C. Aralin 2

*Alamin Natin ang Iyong mga Natutuhan (pp. 26–28)*

**Hakbang 1:** Martha at Pedring

**Hakbang 2:** Wala silang magkatulad na hangarin. Si Pedring ay nag-iisip tungkol sa gastusin ng pamilya. Si Martha naman ay nag-iisip ng kanyang pag-aaral at ang kanyang karerang hinaharap.

**Hakbang 3:** Dapat subukan ni Pedring na makita kung gaano nais ni Martha na makapag-aral. Sa kabilang dako, dapat subukang intindihin ni Martha kung saan nagmumula si Pedring. Bilang haligi ng pamilya, naiisip ni Pedring na ang pamilya ay mahihirapan sa sitwasyon kapag si Martha ay umalis sa kanyang trabaho. Si Martha naman ay nag-iisip na pagbutihin ang kanyang sarili na ipagpatuloy ang kanyang karera sa hinaharap. Pareho na dapat nilang isaalang-alang ang mga bagay na ito.

**Hakbang 4:** Si Martha at Pedring ay mayroong mga mapagpipilian:

- Maaari munang ipagpaliban ni Martha ang kanyang pag-aaral.
- Maaring ipagpatuloy ni Martha ang kanyang pag-aaral at maghanap ng ilang oras na trabaho.
- Makapag-aaral si Martha samantalang si Pedring ay maaaring humanap ng iba pang mapagkakakitaan.

**Hakbang 5:** Dapat ay huwag makipag-usap si Pedring kay Martha nang galit. Sa kabilang dako, si Martha ay dapat na huwag maging mapanulak at maramdamin.

### D. Anu-ano ang mga Natutuhan Mo? *(pp. 30–32)*

**Hakbang 1:** Julia at Bernard

**Hakbang 2:** Si Julia at Bernand ay may pagkakaiba ng prioridad. Gusto ni Bernard ng isang pamilya na kung saan si Julia ay nag-aalaga na lamang ng kanilang mga anak. Nais niya na ang mga anak nila ay dapat maalagaan nang husto. Sa kabilang dako, nais ni Julia na makapagtrabaho di lamang para sa kanyang sarili ngunit upang makatulong din sa kanilang panggastos.

**Hakbang 3:** Dapat subukan ni Bernard na makita kung gaano nais ni Julia makapagtrabaho. Sa kabilang dako, dapat isaalng-alang ni Julia ang punto ni Bernard na nais siyang maging tagapag-alaga ng kanilang mga anak.

**Hakbang 4:** Maaaring kumuha ng katulong sina Julia at Bernard upang mayroong mag-alaga sa kanilang mga anak. Kapag si Julia ay nagtatrabaho, maaari na nilang matustusan ang pagbabayad sa katulong.

Maaaring magtrabaho nang ilang oras si Julia upang masiguro na ang kanilang mga anak ay naaalagang mabuti.

**Hakbang 5:** Dapat subukang pakinggan ni Bernard si Julia at gayon din si Julia kay Bernard.

Maaaring pagbutihin ng mag-asawa ang kanilang relasyon sa pamamagitan ng pagsasalungatan. Ang pagsasalungatan ay magbibigay ng kamalayan tungkol sa kanilang suliranin.

Ang pagsasalungatan ng mag-asawa ay isang kaso ng tao-sa-taong pagsasalungatan.

## Mga Sanggunian


Filley, Alan. *Interpersonal Conflict Resolution.* Ontario, Canada: Scott, Foresman and Company, 1975.

Kindler, Herbert. *Managing Disagreement Constructively.* U.S.A.: Crisp Publications, Inc., 1996.

Lickson, Charles. *Ironing It Out*. U.S.A.: Crisp Publications, Inc., 1992.

Tjosvold, Dean. *Learning to Manage Conflicts.* New York: Macmillan, 1993.

Weisinger, Hendrie. *Anger at Work*. New York: William Morrow and Company, Inc., 1995.